

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtanggap sa iyo sa kabila ng iyong nakaraan. Pasalamatan si Cristo sa pagtanggap Niya sa iyo sa Kanyang pamilya. Ipanalangin na tulungan ka Niyang ipakita sa iba ang ganitong klase ng pagmamahal at pagtanggap.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang isuko ang isang bagay na gusto Niyang ipagkatiwala mo sa Kanya.
- Ipanalangin na dalhin ka ng Banal na Espiritu ngayong linggo sa isang tao na kailangan mong kuwentuhan tungkol sa nangyari sa iyo nang makilala mo si Cristo.

NOTES

RE:NEW

FILIPINO WEEK 1

Si Jesus at ang Babaeng Samaritano

WARM-UP

- Pangalanan ang isang tao o grupo ng tao na gusto mong laging kasama. Bakit mo sila nagustuhan?
- May pagkakataon ba na nagulat ka sa kabutihang ipinakita sa iyo ng isang tao? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang isang pelikula, aklat, o produkto na sobrang nagustuhan mo na napakuwento ka sa lahat ng kapamilya at kaibigan mo tungkol dito? Paano mo ito ikinuwento sa kanila?

WORD

³⁹Maraming Samaritano sa bayang iyon ang sumampalataya kay Jesus dahil sa sinabi ng babae na alam ni Jesus ang lahat ng ginawa niya. . .

⁴¹Dahil sa pangangaral niya, marami pa sa kanila ang sumampalataya. **JUAN 4:39,41**

(Basahin din ang **JUAN 4:1-42**.)

Ang mga Samaritano, ang etniko na may dugong Judio at hindi Judio, ay hindi tinatanggap ng komunidad ng mga Judio. Tulad nila, ang mga babae ay hindi itinuturing na mahalagang bahagi ng lipunan. Mahirap ang maging Samaritano o babae. Mas mahirap ang maging pareho. Sa kabila nito, makikita natin kung paano nabago ng pagkakakilala kay Jesus ang buhay ng babaeng Samaritano mula sa isang kuwento ng kawalan ng pagtanggap tungo sa kuwento ng ganap na pagtanggap at buong tapang na pagpapatotoo.

1

Tinanggap ni Jesus ang babaeng Samaritano sa kabila ng inaasahan niya.

Sumagot ang babae, "Kayo po ay isang Judio at ako ay Samaritano, at babae pa. Bakit po kayo makikiinom sa akin?" (Sinabi niya ito dahil hindi nakikitungo ang mga Judio sa mga Samaritano.) **JUAN 4:9**

Nagtaka ang babaeng Samaritano kung bakit humingi ng inumin si Jesus sa kanya. Bilang isang Judio, hindi dapat katanggap-tanggap sa Kanya ang uminom kasama ang isang Samaritano dahil sa kanilang relihiyon. Bilang isang lalaki, hindi dapat Siya nakikipag-usap sa isang babae. Inaasahan ng babae na hindi siya katanggap-tanggap ngunit lumapit pa rin sa kanya si Jesus. Si Jesus ang kusang lumalapit sa atin kahit hindi natin Siya hinahanap, kahit inaasahan natin na hindi tayo katanggap-tanggap sa Kanya. Paano naapektuhan ng buong-pusong pagtanggap sa atin ni Jesus ang ating pagtugon sa Kanya?

.....
.....

2

Tinanggap ni Jesus ang babaeng Samaritano sa kabila ng kanyang nakaraan.

²⁵*Sinabi ng babae, "Nalalaman ko pong darating ang Mesias na tinatawag ding Cristo. At pagdating niya, ipapaliwanag niya sa amin ang lahat ng bagay."* ²⁶*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Akong nagsasalita sa iyo ngayon ang tinutukoy mo."* **JUAN 4:25,26**

Matapos humingi ni Jesus ng inumin, ipinakita Niya na alam Niyang ilang beses nang ikinasal ang babae, at dahil dito ay mas lalo pa siyang naging hindi katanggap-tanggap sa lipunan. Subalit nang ipakilala Niya ang Kanyang sarili sa babae bilang ang Mesias na matagal nang hinihintay ng mga Judio at mga Samaritano, ipinapakita Niya sa kanya na tinatanggap siya ng Mesias sa kabila ng kanyang nakaraan. May bagay ba sa nakaraan mo na nahihirapan kang isuko kay Cristo? Paano ka naging matagumpay sa bagay na ito? Magkuwento tungkol dito.

.....
.....

3

Tulad ng babaeng Samaritano, maaari nating ibahagi ang mabuting balita sa kabila ng ating nakaraan.

Kayo na mga Samaritano ay hindi nakakakilala sa sinasamba ninyo. Ngunit kilala naming mga Judio ang aming sinasamba, dahil sa pamamagitan namin ay ililigtas ng Diyos ang mga tao. **JUAN 4:42**

Ang babaeng Samaritano ay nagkaroon ng pagkakataong makilala si Jesus. Nang makilala niya kung sino talaga si Jesus ay saka lang siya nagkaroon ng lakas ng loob na ipahayag sa mga tao kung ano ang mga ipinahayag ni Jesus sa kanya. Ang mga taong ito naman ang nagkaroon ng kanilang sariling mga patotoo dahil sa kanilang sariling pagkakakilanlan sa kanya. Tulad ng babaeng Samaritano, ang ating patotoo ay dapat kung paano tayo tinanggap ni Jesus kahit na alam Niya ang lahat ng detalye at nakaraan ng ating pagkatao. Ayon sa Lucas 12:12, bakit kaya nating magkuwento ng buong tapang tungkol sa ginawa ni Jesus para sa atin?

.....
.....

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na tinanggap ka ni Jesus sa kabila ng iyong nakaraan? Gusto mo bang tanggapin ngayon ang pagmamahal Niya sa iyo?
- Anong bahagi sa iyong buhay ang sa tingin mo ay ipinapasuko sa iyo ng Diyos ngayon upang maipakita Niya sa iyo ang Kanyang ganap na pagmamahal at pagtanggap? Ano ang maaari mong gawin tungkol dito ngayong linggo?
- Ikuwento kung paano ka nabago ng pagkakilala mo kay Jesus. Paano mo ito maibabahagi sa isang kapamilya o kaibigan ngayong linggo?